Inihahandog ng
Bibliya Para sa mga Bata

Ang Kapanganakan ni Hesus

Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan ni: M. Maillot

Ibinagay nila: E. Frischbutter at Sarah S.

Isinalin ni: Christie Arpin

Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2012 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring
makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring ipagbili.

Pinapunta ng Diyos ang anghel na si Gabriel kay Maria, isang dalagang Judio.



"Ikaw ay magsisilang ng isang lalaki, at Hesus ang ipapangalan mo sa Kanya.



Siya ay tatawaging Anak ng Kataas-taasang Diyos, at maghahari magpakailanman.”



Nagtaka si Maria. Tinanong niya, "Paano ito mangyayari, ako ay walang asawa? Sinabi ng anghel na ang sanggol ay manggagaling sa Diyos."

At sinabi din ng anghel kay Maria na ang pinsan niyang si Elizabeth ay magkakaanak din kahit siya ay matanda na. Ito rin ay isang mirakulo.

Pagkaraan ng pangyayaring ito ay binisita ni Maria si Elizabeth. At pinuri nilang dalawa and Diyos.

Nang malaman ni Jose na buntis si Maria, nabahala at nalungkot siya. Nagisip at nagisip siya dahil alam niyang hindi siya ang ama.

Sa kanyang panaginip sinabi ng anghel ng Diyos, na ang sanggol ay mirakulo ng Espiritu Santo, nanggaling sa Diyos at huwag siyang mabahala.

Naniwala si Jose at sumunod
sa kagustuhan
ng Diyos.
Sumusunod

din siya

sa batas ng bayan.

Kasama si Maria, kailangan nilang pumunta sa Bethlehem para magpatala at

magbayad ng buwis.

Inabot ng
panganganak
sa Bethlehem
si Maria.

Ngunit walang mahanap na bahay-upahan!

Kumatok sila ngunit walang lugar para sa kanila!

Niyaya ni Jose na pumunta na lang
sila sa sabsaban ng
mga tupa.

May mga pastol na malapit sa sabsaban.

Sinabi ng anghel, "May magandang balita. Ipinanganak sa inyo ang isang Tagapagligtas. Siya ang Hesu Kristong Panginoon."

At dumating pa ang maraming anghel, masaya sila na
nagpuri sa Diyos at nagsabi, ...

... “Luwalhati sa Diyos na
kataastaasan, sa lupa ay
kapayapaan,
sa mga
tao ay
kaluguran.”

Nagmadaling pumunta ang mga pastol sa sabsaban at pagkatapos nilang makita ang ...

... sanggol ay ipinamalita
nila sa lahat ang kanilang
nasaksihan.

Pagkalipas ng apatnapung araw, dinala ni Jose at Maria si Hesus sa templo.

Nakita ni Simeon ang sanggol at pinuri niya ang Panginoon.

Si Anna, isang matandang lingkod, ay nagpasalamat sa Diyos nang makita ang sanggol na si Hesus.

Narito na ang pangako
ng Diyos–si Hesus,
ang Anak ng
Diyos, na
Tagapagligtas.

Makaraan ang ilang araw, may mga "wise men"
o pantas na dumating sa Jerusalem mula sa Silangan.

Nais nila malaman kung saan makikita ang
batang ipinanganak na hari ng mga Judio.

Narinig ito
ni Herodes.
Naligalig siya
at sinabi niya sa
mga wise men na
kapag natagpuan
nila ...

... ang sanggol
na si Hesus ay
sabihin sa kanya
at sasamba rin
siya. Pero ang
totoo ay gusto
niyang
ipapatay
ito.

Huminto ang nangunang bituin
na nag-gabay sa
mga wise men sa
tapat ng bahay na
kinaroroonan
ni Hesus.

Sila ay lumuhod at nagpuri sa Panginoon. Sila ay naghandog ng ginto at mamahaling pabango.

Nang pauwi na sila,
binalaanan ng Diyos
na mag-iba sila ng
daan at huwag
bumalik

kay Herodes.

Nang malaman ni Herodes na siya ay nalinlang, ...

... labis siyang nagalit
at pinapatay niya
ang lahat ng lalaking
sanggol sa Bethlehem
at



kapaligiran.

Pero hindi masaktan ni Herodes ang Anak ng Diyos.

Binalaanan sa panaginip si Jose, na sila ay pumunta, at magtago sa Ehipto.

Nang namatay
na si Herodes ay
nagbalik sila Jose, ...

... Maria
at Hesus,
at sila ay
tumira sa Nazareth,
malapit sa dagat ng Galileo.

Ang Kapanganakan ni Hesus

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Mateo 1-2; Lucas 1-2

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16